Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG MAYO18, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT ........ | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon ........ | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan ........ | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas ........ | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca ........ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ........ | Kagawad |
| Kgg. Oscar F. Feliciano ........ | Kagawad |
| Kgg. Isagani R. Malapaya ........ | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. John Carlos C. delos Reyes ..... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Laura P. Obligacion ........ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ........ | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 108-T2009

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 03-T2009 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG DUHAT NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN ANIMNAPU'T SIYAM NA LIBO APATNAPU'T LIMANG PISO AT APATNAPU'T LIMANG SENTIMOS (P169,045.45) MULA SA NATIRANG PONDO NANG TAONG 2008 UPANG ILAAN PARA SA 20% DEVELOPMENT FUND (P33,809.09), 10% SK FUND (P16,904.54), PAGBILI NG CELLPHONE (P66,000.00) AT CASH GIFT (P52,305.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 37-T2009/Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T2009 ng Sang. Brgy. ng Duhat na nagkakahalaga ng P169,045.45 mula sa natirang pondo nang taong 2008 upang ilaan para sa 20% development fund (P33,809.09), 10% SK Fund (P16,904.54), pagbili ng cellphone (P66,000.00) at Cash Gift (P52,305.00) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco at Isagani R. Malapaya at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T2009 ng Sang. Brgy. ng Duhat na nagkakahalaga ng P169,045.45 mula sa natirang pondo nang taong 2008 upang ilaan para sa 20% development fund (P33,809.09), 10% SK Fund (P16,904.54), pagbili ng cellphone (P66,000.00) at Cash Gift (P52,305.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sang. Brgy. Duhat, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY**.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Alan T. Pamatmat
NAGPATOTOO: **KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan

Republic of the Philippines
Province of Laguna
**MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ**
Cailles Street, Poblacion III, Santa Cruz, Laguna
Telephone Number - (049) 808-1008

5-28-09

## OFFICE OF THE MAYOR

**1st Endorsement**
May 28, 2009

Respectfully forwarded to the Honorable Members of the **SANGGUNIANG BAYAN**, thru **Ms. JEANETTE P. ALFONSO**, *Secretary,* the herewith attached **Kapasiyahan Blg. 092, 104, 107, 108 and 109 – T'2009** duly approved by the undersigned.

For information and appropriate action.

**ARIEL T. MAGCALAS**
Municipal Mayor